Mga katanungan sa FLASH Pang-pamilyang Takdang Aralin

Isa sa mga mithiin ng yunit ng FLASH ay ang padalasin ang komunikasyon ng magulang at kabataan ukol sa kalusugang-seksuwal. Ayon sa pananaliksik, gustong pagusapan ng mga kabataan ng karagdagan ang tungkol sa isyung ito kasama ang magulang o pinagkakatiwalaang nakatatanda, at ang mga usaping ito ay may mahalagang papel sa mga kabataan upang maiwasan ang pagbubuntis, STDs at HIV. Nakasaad sa FLASH ang Family Homework o Pang-pamilyang Takdang Aralin upang ang mga usaping ito ay maging mas madali at madalas.

Bawat leksyon ng FLASH ay may mga tanong sa pang-pamilyang takdang aralin para mapag-usapan ng mag-aaral at nakatatanda. Ito ay isang pagkakataon upang mapag-usapan ang mga paksa sa FLASH at maibahagi ang iyong mga paniniwala, at mga paniniwala ng iyong pamilya o kultura. Hindi itatanong ng mga guro ang mga napag-usapan sa Pang-pamilyang Takdang Aralin. Inirerekomenda ang Family Homework ngunit hindi kinakailangan. Ang mga mag-aaral ay maaaring magkumpleto ng isang indibidwal na takdang-aralin para sa parehong kredito.

Salamat sa inyong paglalaan ng oras upang basahin ang tungkol sa Pang-pamilyang Takdang Aralin. Inaasahan namin na sana'y nakatulong ito sa inyo at ng inyong tinedyer na magkaroon ng mga makabuluhang pag-uusap. Upang makumpleto ang mga takdang-aralin ng Pang-pamilyang Takdang aralin, talakayin lamang ang mga katanungan sa bawat leksyon ng araw. Dapat ilagay ng nakatatanda ang kanyang inisyal sa bawat leksyong tinalakay kasama ang kabataan at pumirma sa puwang na ibinigay sa ibaba.

_____

Pirma ng nakatatanda

_____

Pangalan ng mag-aaral

Mga katanungan sa FLASH Pang-pamilyang Takdang Aralin	**Inisyal ng nakatatanda**
Lesson 1: Sistemang reproduktib at Pagbubuntis Mayroon ka bang nalamang nakakagulat tungkol sa pagbubuntis sa sistemang reproduktib ngayon?	
Lesson 2: Lesson 4: Oryentasyong seksuwal at pagkakakilanlan ng kasarian **Ano sa pagkatao mo ang nararamdaman mong dapat ipagmalaki?**	
Lesson 3: Panuntunan sa pagtitipan **Kung ikaw ay pipili ng isang panuntunan ng pakikipagtipan o pakikipag-date na dapat sundin ng lahat ng mga kabataan, ano ito?**	
Lesson 4: Pagsabi ng Hindi **Kailan, sa tingin mo, pwede nang magsimula na makipagtipan ang isang tao?**	

Lesson 5: Pag-iwas sa STDs **Ano sa tingin mo ang makakatulong sa tao na matuto kung paano umiwas sa STDs, kasama na ang HIV**	
Lesson 6: **Kondom upang Maka-iwas sa HIV at iba pang STD** **Anong payo ang ibibigay mo sa isang kabataan ukol sa paggamit ng kondom?**	